Buong Teksto

ANG MGA KUWENTO NI LOLA BASYANG: ANG MAHIWAGANG BIYULIN

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Ang Mahiwagang Biyulin" mula sa Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes, muling isinalaysay ni Christine S. Bellen at babasahin nina Peanuts Valerio, Ivy Baggao, Lulu Quijano, at Top Benedicto.

Noong unang panahon, mayroon isang anak na nais makatulong sa kanyang mahirap na magulang. Rodrigo ang pangalan ng binata. Pumasok siyang utusan sa isang mayamang negosyanteng si Ahab.

"Tunan ang sweldo ng ng mga tauhan ko," mabagsik sa sabi ni Ahab.

"Hindi po bale, para makaipon ako ng malaki," sagot ni Rodrigo.

Masipag sa trabaho si Rodrigo. Maliksi sa bawat pinag uutos sa kanya ng amo. Maaga sa pagbukas ng tindahan at maaga sa pagbubuhat ng mga kalakal. Makalipas ang isang taon, hinihingi na ni Rodrigo ang kanyang sweldo kay Ahab.

"Gusto ko po sanang umuwi muna sa amin para maibigay ang sweldo ko sa aking mga magulang," mahinahong paalam ni Rodrigo.

"Sa susunod na taon mo na kunin ang iyong sweldo para mas malaki," pandidilat ni Ahab sa binata.

Pumayag si Rodrigo dahil iniisip niyang maiipon ang kanyang sweldo.

"Mas malaking pera ang maiuuwi ko sa amin susunod na taon," bulong ni Rodrigo sa sarili.

Makalipas ang ikalawang taon, hiningi muli ni Rodrigo ang kanyang sweldo kay Ahab.

"Wala akong maibibigay sa'yo dahil hindi mabuti ang iyong trabaho!" busangot na sigaw ni Ahab.

"Hindi po totoo 'yan. Pinagbubuti ko ang aking trabaho!" galit na sagot ni Rodrigo.

"Kung gayon, heto ang dalawang piso. Bayad kana sa dalawang taong serbisyo mo. Makakaalis ka na!" sabay talikod ng malupit na amo.

Walang nagawa si Rodrigo. Umalis siyang dala ang dalawang piso. Sa 'di kalayuan, may nakita siyang isang matandang babaeng pulubi. Hinang-hina ito sa gutom.

"Tatlong araw na akong hindi kumakain," halos pabulong na sabi nito nang matapat sa kanya si Rodrigo.

Naawa si Rodrigo. Ibinili niyang pagkain ang matanda at ibinigay pa rito ang natirang barya mula sa sakim na amo. Natuwa ang matanda sa kabutihan ng binata. Ngunit naawa siya rito nang ikuwento niya ang masaklap na kapalaran sa among si Ahab. May inabot ang matanda kay Rodrigo.

"Mahiwaga ang biyulin na ito. Sasayaw ang lahat kapag tinugtog mo ito. Bumalik ka kay Ahab at singilin ang dapat na sa iyo,"bilin ng matanda.

Bumalik si Rodrigo kay Ahab. Tinugtog niya ang biyulin. Sayaw ng sayaw si Ahab. Paikut-ikot at pakendeng-kendeng pa.

"Parang awa mo na, itigil mo ang pagtugtog. Babayaran na kita," hingal ni Ahab.

Tumigil si Rodrigo sa pagtugtog. Ibinigay ni Ahab ang supot ng pera. Ngunit hindi pa nakakalayo si Rodrigo ay hinuli na siya ng mga sundalo.

"Ayan ang magnanakaw, hulihin n'yo at ikulong!" galit na galit si Ahab.

Nahatulang bitayin si Rodrigo sa gitna ng plaza. Sa araw ng pagbitay, nagsalita ang hukom.

"May nais ka bang hilingin bago ka mamatay?" sabi ng hukom.

"Gusto ko pong matugtog ang aking biyulin sa huling pagkakataon," sagot ni Rodrigo.

Namutla si Ahab. Tinugtog ng binata ang biyulin at sumayaw ang buong bayan. Lumundag-lundag pa ang berdugo at nabitawan ang taling pambitay kay Rodrigo. Humihingal ang lahat ng tao.

"Tumigil ka na! Magsasabi na ako ng totoo!" hiyaw ni Ahab habang sumasayaw.

Inamin niya sa buong bayan ang ginawa kay Rodrigo. Nahatulan siya ng hukom na makulong. Binayaran niya rin si Rodrigo sa dalawang taon nitong pagtatrabaho.

Ano kaya ang ginawa ni Rodrigo?

Umuwi siya sa kanyang mga magulang dala ang sweldo niya ng dalawang taon
at ang mahiwagang biyulin.

***

Pinagkuhanan: Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Rosamistica. Muling isinalaysay ni Christine S. Bellen. 2004. Anvil Publishing, Inc.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The LIght of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica

Tahanan Books

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwentong-bayan

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

The Termite Queen and other Classic Philippine Earth Tales

Volcano of Love and Death

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Kevin Duane B. Ligot	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*
Ariel A. Diccion, MA Cholo Ledesmas	*Associate Professor, Kagawaran ng Filipino* *Theater Artist* *(voice actors for the episode)*

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*

Music Credits

Music Title	Composer	Music Link
Solo Cello Passion – Doug Maxwell, Media Right Productions (No Copyright Music)	Audio Library — Music for content creators	*https://www.youtube.com/watch?v=yMRDC_nFFaQ*
Medieval city market sound effect	TheMSsoundeffects	*https://www.youtube.com/watch?v=WdMlKVio0LA*
Nature Sounds: Spring Afternoon - UK Garden 2015	Only Nature	*https://www.youtube.com/watch?v=qz54e2LWonM&t=63s*
Niccolò Paganini - Caprice No. 24	immortalsongs	*https://www.youtube.com/watch?v=WMLoBXgPil8*